


# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Ikalawang Markahan– Modyul 13: Pagsusuri sa Pananaliksik



**Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino  
Alternative Delivery Mode  
Ikalawang Markahan – Modyul 13: Pagsusuri at Pananaliksik  
Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ruben S. Montoya

**Editor:** Jonathan F. Bernabe

**Tagasuri:** Elisa N. Lajera, Perlita E. Dela Cruz, Sharita B. Cruz, Noel S. Ortega,  
Jhon Jien Mar Traviezo

**Tagaguhit:** Romdel F. Partoza

**Tagalapat:** Leonila L. Custodio, Niño Paulo V. Crispe

**Tagapamahala:** Francis Cesar B. Bringas  
Job S. Zape, Jr.  
Ramonito O. Elumbaring  
Reicon C. Condes  
Elaine T. Balaogan  
Fe M. Ong-ongowan  
Rommel C. Bautista  
Galileo L. Go, Randy D. Punzalan  
Elpidia B. Bergado  
Noel S. Ortega  
Maribeth C. Rieta  
Leonila L. Custodio  
Julie Anne V. Vertudes

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon  
at Pananaliksik sa Wika  
at Kulturang Pilipino  
Ikalawang Markahan– Modyul 13:  
Pagsusuri sa Pananaliksik**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## ***Alamin***


Ang iyong isasagawang pag-aaral gamit ang modyul na ito ay tutugon sa dapat mong malaman at matutuhang kasanayan. Ito ay ang mga sumusunod:

### **Kasanayang Pampagkatuto:**

Nasusuri ang ilang pananaliksik na pumapaksa sa wika at kulturang Pilipino  
**(F11PB-IIg-97)**

### **Layunin:**

- Nasusuri ang isang pananaliksik na pumapaksa sa wika at kulturang Pilipino batay sa layunin, gamit, metodo at etika.
- Nakapagpapahayag ng damdamin o saloobin ukol sa pagsusuri ng pananaliksik.
- Nakasusulat ng mga pagsusuri sa ilang bahagi ng pananaliksik gamit ang mga gabay na tanong.



## Subukin

Panuto: Suriin ang sumusunod na pahayag. Sagutin ang mga katanungan. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Bigyang pagsusuri ang pahayag mula sa literatura ng isang pananaliksik. Ano ang layunin ng may akda kung kaya't isinagawa niya ang pananaliksik na ito?

Ang pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito ay malaman kung swak (tanggap) o ligwak (di-tanggap) para sa mga mag-aaral sa baitang 11 ng Don Luis Ababa Senior High School ang pagsasalin sa wikang Taglish ng Pinoy *New Testament*. Sinagot sa pag-aaral na ito ang mga katanungang: (1) Epektibo ba ang pagsasalin sa Taglish ng mga pahayag sa Pinoy NT? (2) Nakawiwili at nakapupukaw ba ng pansin ang Pinoy NT sa mga kabataang mambabasa nito? (3) Nakatutulong ba ang Pinoy NT sa pagpapaunlad ng kulturang Pilipino lalo na sa pananampalataya nito?

- a. Malaman kung epektibo ba ang pagsasalin sa Taglish ng mga pahayag sa Pinoy NT.
  - b. Malaman kung nakawiwili at nakapupukaw ba ng pansin ang Pinoy NT sa mga kabataang mambabasa nito.
  - c. Malaman kung nakatutulong ba ang Pinoy NT sa pagpapaunlad ng kulturang Pilipino lalo na sa pananampalataya nito.
  - d. Malaman kung swak (tanggap) o ligwak (di-tanggap) para sa mga mag-aaral sa baitang 11 ng Don Luis Ababa Senior High School ang pagsasalin sa wikang Taglish ng Pinoy *New Testament*.
2. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang **di-wasto** tungkol sa pagsusuri ng isang pananaliksik?
    - a. Dapat ang layunin ng pananaliksik ay batay sa suliraning inilalahad sa bahagi ng Paglalahad ng Suliranin.
    - b. Suriin at husgahan kung nakamit ba ng may akda ang kanyang layunin sa pagsasagawa ng pananaliksik
    - c. Ang pagiging etikal ay tumutukoy sa pagiging matuwid, makatarungan, matapat, at mapagpahalaga sa gawa ng ibang tao.
    - d. Samakatuwid ginagawa ang pangongopya ng ideya at gawa ng iba.

3. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang tumutukoy sa rekomendasyon ng may akda batay sa kinalabasan ng pananaliksik?
  - a. Lumabas sa pag-aaral na ang Pinoy New *Testament* na gumagamit ng Taglish ay “lubos na epektibo” dahil sa 3.39 *weighted mean* na nangangahulugang tanggap o swak sa mga kalahok ang pagsasalin nito.
  - b. Ang Pinoy NT ay “lubos na nakawiwili at nakapupukaw” ng pansin sa mga kabataang mambabasa dahil sa 3.52 *weighted mean* na naitala.
  - c. Iminumungkahi ng mga mananaliksik na gamitin ang Pinoy NT na may Taglish na pagsasalin upang malinang at tumibay pa ang pananampalataya ng mga kabataang Pilipino.
  - d. Ang pananaliksik na ito ay isang uri ng kuwantitabo sapagkat sinukat ang saloobin ng mga kalahok ukol sa paksa sa pamamagitan ng sarbey at sinuri ang datos sa pamamagitan ng estatistikal na pamamaraang *weighted mean*.
  
4. Alin ang **di-wastong pahayag** ukol sa paggamit ng salita sa pagsasagawa ng kritikal na pagsusuri ng pananaliksik?
  - a. Gumagamit ng paghahatol at pagbibigay ng opinyon.
  - b. Kailangan ang wasto at maayos na gamit ng kritikal na mga salita.
  - c. Ipinapahayag ang matinding damdamin ng pagsang-ayon at di pagsang-ayon.
  - d. Kung may negatibong ibig ipahayag, gawin ito nang walang pag-aalinlangan sapagkat makabubuti ito sa isinasagawang pagsusuri.
  
5. Alin sa mga sumusunod na pananaliksik ang pumapaksa sa wika at kulturang Pilipino?
  - a. Negosyo: Lulubog, Lilitaw
  - b. Karakol: Susulong o Uurong
  - c. Sipnayan: Hamon sa Malinaw na Kinabukasan
  - d. COVID-19: Tulay sa Pagkakabuklod-buklod ng Pamilyang Pilipino
  
6. Mula sa pamagat ng pananaliksik na Swak Ba o Ligwak ang Paggamit ng Wikang Taglish sa Pinoy *New Testament*?, masasalamain ba ang kulturang Pilipino?
  - a. Oo, sapagkat ang paggamit ng wikang Taglish ay hindi bahagi ng ating kultura.
  - b. Oo, sapagkat ang paggamit ng Pinoy New Testament ay nagpapakita ng pananampalataya.
  - c. Hindi, sapagkat ang wikang Taglish at Pinoy New Testament ay walang kaugnayan sa isa’t –isa.
  - d. Hindi, sapagkat ang Pinoy New Testament na gumagamit ng Taglish ay hindi tanggap.

7. Bilang bahagi ng pagsusuri sa mga saliksik na may kaugnayan sa wika at kulturang Pilipino, dapat bang alamin ng tagapagsuri kung nakapaloob sa paksa o sa bahaging Paglalahad ng Suliranin ang gawi, paniniwala, hilig, kasuotan, wika, maging ang mga pagdiriwang ng mga tao sa isang lugar?
- oo
  - hindi
  - maaaring oo, maaaring hindi
  - walang maaaring kasagutan
8. Hindi na maaaring suriin pa ang metodolohiya o paraan ng pangangalap at pagsusuri ng datos.
- tama
  - mali
  - maaaring oo, maaaring hindi
  - walang maaaring kasagutan
9. Hindi na rin titingnan pa ang pagkakaugnay-ugnay ng bawat bahagi ng pananaliksik sapagkat nagsusuri ka lamang. Tama ba o mali ang pahayag?
- tama, sapagkat nagsusuri ka lamang
  - walang tamang sagot na nailahad
  - mali, hindi kailangan ang pagkakaugnay-ugnay
  - mali, dapat tinitiyak ang pagkakaugnay-ugnay ng bawat bahagi
10. Dapat may sapat na kaalaman sa etika ang magsasagawa ng pagsusuri upang makita kung nakasunod sa alituntunin o pamantayan ang mga mananaliksik sa pagsulat ng riserts. Ano ang iyong saloobin hinggil sa naunang pahayag?
- kahit walang kaalaman sa etika
  - dapat may sapat na kaalaman sa etika
  - hindi na kailangan ang kaalaman sa etika
  - lahat ng nabanggit ay tamang kasagutan
11. Alin sa mga sumusunod na lagom ng pananaliksik nina Baldon ang tumutugon sa paksang “Filipino, Wika ng Makabagong Panahon”?
- Mas malinaw na komunikasyon ang pangunahing dahilan kung bakit kailangan pang mas mapa-unlad ang wikang Filipino
  - Mas uunlad ang ekonomiya sa pag-unlad ng ating wika.
  - Karamihan sa mga respondente ay naniniwala na teknolohiya ang pangunahing salik sa pagbabago ng wika, sa pag-usad ng panahon kasabay din ang pag-unlad ng wika.
  - Ang wikang Filipino ang pangunahing wika na ginagamit sa simbahan, palengke at pampublikong lugar
12. Anong kulturang Pilipino ang masasalamain sa pananaliksik na ito, Kalipunan ng mga Salita na Ginagamit sa *social media*?
- paggamit ng salita sa isang lugar
  - paggamit ng kalipunan ng mga salita
  - paggamit ng salita mula sa *social media*
  - pag-iipon ng mga salita mula sa *social media*



13. Alin ang maling pagsusuri mula sa Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral?
- I. Ang Layunin ay tugma sa Kahalagahan ng Pag-aaral
  - II. Ang Layunin ay hindi tugma sa Kahalagahan ng Pag-aaral
  - III. Mahirap matamo ang inilahad na Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral
  - IV. Masusukat ang inilahad na Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral
- a. I at IV
  - b. II at III
  - c. I at III
  - d. II at IV
14. Alin ang wastong pahayag tungkol sa bahaging Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral?

**Layunin at Kahalagahan ng Pag -aaral**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang makamit ang mga sumusunod na layunin:

1. upang matukoy ang mga salitang ginagamit sa *social media*;
2. upang mabatid ang kahulugan ng mga salitang ginagamit sa *social media*; at
3. upang makabuo ng kalipunan ng mga salitang ginagamit sa *social media*.

Ang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay makabuo ng isang “Kalipunan ng mga Salitang Ginagamit sa *Social Media*”, upang magamit ng guro para makaagapay sa pagbabago sa paggamit ng wika.

- I. Ang Layunin ay tugma sa Kahalagahan ng Pag-aaral
  - II. Ang Layunin ay hindi tugma sa Kahalagahan ng Pag-aaral
  - III. Mahirap matamo ang inilahad na Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral
  - IV. Masusukat ang inilahad na Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral
- a. I at IV
  - b. II at III
  - c. I at III
  - d. II at IV
15. Aling pahayag ang tugma sa iyong pagsusuri sa bahaging ito ng pananaliksik?

**Disenyo at Pamamaraan ng Pananaliksik**


Ang pag-aaral na ito ay isang aksyon riserts. Matapos malikom ang mga salitang umuusbong sa *social media* ay bibigyang pakahulugan. Ang mabubuon kalipunan ay magsisilbing awtput ng pag-aaral

- I. Tugma ang aksyon riserts sa disenyo nito.
  - II. Hindi tugma ang aksyon riserts bilang disenyo ng pananaliksik.
  - III. Ang mabubuon kalipunan ng mga salita ay bahagi ng aksyon riserts.
  - IV. Walang itinakda at inaasahang awtput sa pananaliksik na aksyon riserts.
- A. I at III
  - B. II at IV
  - C. I, III at III
  - D. I, III, at IV

Mahalagang magkaroon ka ng kaalaman at kasanayan sa pagsusuri ng saliksik na tumatalakay sa wika at kulturang Pilipino. Sa pagkakataong ito ay mababatid mo ang mahahalagang bagay na dapat isaalang-alang sa pagsusuri ng pananaliksik.

**Balikan**

Naaalala mo pa ba ang kahulugan ng pananaliksik? Alam mo ba ang kahalagahan o implikasyon nito sa iyo bilang mag-aaral at bilang Pilipino? Lalong magiging kapana-panabik kung ang babalikan mo sa iyong isipan ay ang mga pananaliksik na tumatalakay sa wika at kulturang Pilipino. Subuking sagutin ang sumusunod na katanungan sa pamamagitan ng pagpuno sa kahon.

**Mga Tala para sa Guro**

Isulat ang iyong kasagutan sa iyong dyornal. Magkaroon ng repleksyon sa iyong sagot.



# **Tuklasin**

Sa pagsusuri ng isang saliksik may mga dapat na isinasalang-alang upang magkaroon ng direksyon ang pagtalakay. Narito ang ilang mungkahi sa pagsusuri ng isang saliksik:

## **1. Paksa**

Agad na siyasatin kung ang pangunahing paksa o lalamanin nito ay makikita sa pamagat ng saliksik. Suriin din kung ang paksa ng saliksik ay tiyak at hindi malawak.

## **2. Nilalaman**

Kung ang sinusuri natin ay isang saliksik tungkol sa wika at kulturang Pilipino, nararapat lamang na ito ay nakapaloob sa pamagat pa lamang. Banggitin din sa pagsusuri kung nakaugnay ba ito sa bawat bahagi ng saliksik. Tiyakin na nabibigyang puna ang saliksik batay sa dapat na tinataglay nito sa bawat bahagi.

## **3. Layon**

Suriin at husgahan kung nakamit ba ng may akda ang kanyang layunin sa pagsasagawa ng pananaliksik. Dapat ang layunin ng pananaliksik ay batay sa suliraning inilahad sa bahagi ng Paglalahad ng Suliranin.

## **4. Gamit/Kahalagahan**

Batay sa maaaring kinalabasan ng pag-aaral, sino ang makikinabang ng saliksik na ito? Para saan at kanino? May mababago bang sistema o nakagawiang gawain matapos ang saliksik na ito?

## **5. Metodo**

Sa bahaging ito ay sinasagot ang sumusunod na katanungan. Angkop ba ang kagamitang ginamit sa pangangalap ng datos? Ang istrategiya ba sa pagpili ng kalahok ay tugma sa layunin ng saliksik? Nakatugon ba ang pamamaraang ginamit sa pagsusuri ng datos. Maayos ba ang presentasyon ng datos? Anong pamamaraan ang ginamit sa pagsusuri ng datos?

## **6. Etika sa Pananaliksik**

Ang pagiging etikal ay tumutukoy sa pagiging matuwid, makatarungan, matapat, at mapagpahalaga sa gawa ng ibang tao. Samakatuwid hindi ginagawa ang pangongopya ng ideya at gawa ng iba.



## Suriin

Basahin at unawain ang abstrak ng saliksik. Suriin ang nilalaman nito. Sagutin ang mga katanungan sa ibaba. Limang puntos ang katumbas sa bawat tamang sagot.

### **Swak Ba o Ligwak ang Paggamit ng Wikang Taglish sa Pinoy *New Testament*?** *Mula sa saliksik nina Almoete, Banggad at Garferio*

Ang pangkalahatang layunin ng pananaliksik na ito ay malaman kung swak (tanggap) o ligwak(di-tanggap) para sa mga mag-aaral sa baitang 11 ng Don Luis Ababa Senior High School ang pagsasalin sa wikang Taglish ng Pinoy *New Testament*. Sinagot sa pag-aaral na ito ang mga katanungang: (1) Epektibo ba ang pagsasalin sa Taglish ng mga pahayag sa Pinoy NT? (2) Nakawiwili at nakapupukaw ba ng pansin ang Pinoy NT sa mga kabataang mambabasa nito? (3) Nakatutulong ba ang Pinoy NT sa pagpapaunlad ng kulturang Pilipino lalo na sa pananampalataya nito?

Ang pananaliksik na ito ay kuwantitabo sapagkat sinukat ang saloobin ng mga kalahok ukol sa paksa sa pamamagitan ng sarbey at sinuri ang datos sa pamamagitan ng estatistikal na pamamaraang *weighted mean*. Ito ay nilahukan ng 95 na mag-aaral ng nasabing paaralan na nasa ika-11 na baitang; 10 na lalaki at 10 babae mula sa *strand* na STEM; 13 babae at 10 lalaki mula sa ABM; 15 na babae at 10 lalaki mula sa HUMSS; 15 na babae at 12 lalaki mula sa GAS at TVL *strand*. Pinili ang mga kalahok sa pamamagitan ng *simple random sampling*.

Lumabas sa pag-aaral na ang Pinoy *New Testament* na gumagamit ng Taglish ay “lubos na epektibo” dahil sa 3.39 *weighted mean* na nangangahulugang tanggap o swak sa mga kalahok ang pagsasalin nito. Ang Pinoy NT ay “lubos na nakawiwili at nakapupukaw” ng pansin sa mga kabataang mambabasa dahil sa 3.52 *weighted mean* na naitala. Pinatunayan din ng datos sa pananaliksik na ito na “lubos na nakatutulong” ang Pinoy NT sa pagpapaunlad ng kulturang Pilipino sa larangan ng pananampalataya. Sinusuportahan ito ng 3.39 *weighted mean* na naitala.

Dahil dito, iminumungkahi ng mga mananaliksik na gamitin ang Pinoy NT na may Taglish na pagsasalin upang malinang at tumibay pa ang pananampalataya ng mga kabataang Pilipino.



1. Ano ang paksa ng binasa mong pananaliksik?

---

---

---

2. Ano-ano ang resulta o kinalabasan ng pananaliksik?

---

---

---

3. Angkop ba ang metodo na ginamit ng mananaliksik? Pangatwiran ang iyong sagot.

---

---

---

4. Anong kulturang Pilipino ang masasalamang sa pananaliksik na nabasa mo?

---

---


---

5. Ano ang kahalagahan o implikasyon sa pag-aaral, kabuhayan at buhay ang pananaliksik na pumapaksa sa wika at kulturang Pilipino?

---

---

---



## ***Pagyamanin***

Basahin at unawain ang literatura ng isang pananaliksik tungkol sa paggamit ng Taglish sa Pinoy New Testament na Bibliya. Isagawa ang pagsusuri at gawing gabay ang pamantayan sa ibaba.

Ayon kay Hymes (1972), nangangahulugan na ang wika ay buhay, bukas ito sa sistema ng pakikipag-interaksyon. Binabago at bumabago ito sa kapaligiran bilang bahagi ng kultura ng grupong gumagamit nito. Kung kaya't ito ang magiging batayan ng pag-aaral na ito kung swak (tanggap) ba o ligwak (di-tanggap) sa mga mag-aaral ang paggamit ng "Taglish" maging sa banal na aklat. Mapapatunayan natin o mapapasubalian ang pananaw na ang wika ay buhay at patuloy na nagbabago.

Ang Resolusyon 96-1 ng Komisyon sa Wikang Filipino ay ganito ang batayang deskripsyon para sa pag-aaral na ito: Ang Filipino ay ang katutubong wika na ginagamit sa buong Pilipinas bilang wika ng komunikasyon ng mga etnikong grupo. Katulad ng iba pang wikang buhay, ang Filipino ay dumadaan sa proseso ng paglinang sa pamamagitan ng mga panghihiram sa mga wika sa Pilipinas at mga di-katutubong wika at ebolusyon ng iba't ibang barayti ng wika para sa iba't ibang saligang sosyal, at para sa mga paksa ng talakayan at iskolarling pagpapahayag. Dahil ang wikang Filipino ay buhay nagkakaroon ito ng ebolusyon, ang ibig sabihin ay may pagbabago.

Kitang-kita naman sa kalagayan ng paggamit ng Filipino, walang Pilipino na diretsong nagsasalita ng Filipino, ito'y may halong Ingles na tinatawag nating "Taglish". Ito'y gamit na gamit lalo na sa mga kabataan. Kaya ang sitwasyong ito na paggamit sa "Taglish" maging sa banal na kasulatan ay aalamin natin kung swak pa rin ba o katanggap-tanggap pa rin ba sa mga kabataan.

Ang Bibliya ay isang banal na aklat na karaniwang ginagamit sa simbahan, sa tahanan o kahit saang dako pa man. Karaniwan, ang Bibliya ay isinasalin sa iba't ibang lengguwahe kagaya na lamang ng wikang Filipino, Bisaya, Ilonggo at iba pa. Ito rin ay ipinapamahagi sa iba't ibang bahagi ng Pilipinas. Ito ay mayroong 66 na aklat (39 sa Lumang Tipan at 27 sa Bagong Tipan). Bahagi na ng kultura ng mga Pilipino ang pagiging maka-Diyos kung kaya't ang pagsasalin ng Bibliya sa iba't ibang wika ay lubos na mahalaga para sa mga katutubo at iba pang mga Pilipino na naninirahan sa iba't ibang panig ng Pilipinas.

<b>Pamantayan</b>	<b>Puntos</b>
Napakahusay ng pagsusuri, organisado ang mga ideya, magkakaugnay ang bawat bahagi ng ginawang pagsusuri	4
Mahusay ang pagsusuri, organisado ang mga ideya, magkakaugnay ang bawat bahagi ng ginawang pagsusuri	3
Hindi mahusay ang pagsusuri, di-organisado ang mga ideya, di-magkakaugnay ang bawat bahagi ng ginawang pagsusuri	2
Kailangan pang linangin ang kasanayan sa pagsusuri, pag-oorganisa ng mga ideya, at pagkakaugnay ng bawat bahagi ng ginawang pagsusuri	1

---



---



---



---



---



---



---



---



## **Isaisip**


Punan ng angkop na salita ang patlang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Isang (1) \_\_\_\_\_ gawain ang pagsusuri. Para ito ay maging komprehensibo, kailangan ang wasto at maayos na gamit ng (2) \_\_\_\_\_ na mga salita.

Sa pagsusuri, gumagamit ng paghahatol at pagbibigay ng (3) \_\_\_\_\_. Sa pagbibigay ng opinyon, iba't ibang apirmatibo at negatibong pahayag ang nailalahad kaugnay ng iba't ibang impormasyon sa sinusuring akda tulad ng dula, pelikula at lalo na sa pananaliksik.

Sa pagsusuri pa rin, ipinapahayag ang matinding (4) \_\_\_\_\_ ng pagsang-ayon at di-pagsang-ayon. Anumang pahayag na gamit sa pagsusuri, kailangang maging kritikal sa paraang wasto at maayos. Kung may negatibong ibig ipahayag, gawin itong pamungkahi upang hindi (5) \_\_\_\_\_ ng kalooban.





## ***Isagawa***

Lagyan ng tsek (✓) ang kahon na nagsasaad ng iyong saloobin at damdamin tungkol sa pahayag.

Pahayag	Tama	Mali
1. Napadadali ang pagsusuri sa tulong ng mga nakahandang tanong.		
2. Napalalawak ang iyong kaalaman sa pamamagitan ng pagsusuri ng isang saliksik.		
3. Ang etika ay nagsisilbing balakid sa mabilis na pagsasakatuparan ng pananaliksik.		
4. Dapat ang layunin ng pananaliksik ay batay sa suliraning inilahad sa bahaging Paglalahad ng Suliranin.		
5. Mahalaga ang pagsusuri ng saliksik bago ang aktuwal na pagsasagawa nito.		



## Tayahin

Suriin ang ilang bahagi ng pananaliksik. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Anong kulturang Pilipino ang masasalaming sa pananaliksik na ito, Kalipunan ng mga Salita na Ginagamit sa Social Media?
  - a. paggamit ng salita sa isang lugar
  - b. paggamit ng kalipunan ng mga salita
  - c. paggamit ng salita mula sa *social media*
  - d. pag-iipon ng mga salita mula sa *social media*
2. Ano-anong wastong pagsusuri ang maaaring lumabas sa bahaging ito?

### Paglalahad ng Suliranin

Ang mga suliranin na nais bigyang kasagutan ng pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ano-ano ang mga salitang ginagamit sa social media?
2. Ano-ano ang kahulugan ng mga salitang ginagamit sa social media?
3. Batay sa naging resulta ng pag-aaral, anong interbensiyon ang maaaring mabuo at magamit?

- I. Magkakaugnay-ugnay ang mga tanong sa Paglalahad ng Suliranin.
  - II. Tiyak at wasto ang pagkalahad ng suliranin.
  - III. Walang batayan ang paglalahad ng suliranin at mahirap sukatin.
  - IV. Mahirap tukuyin ang metodong gagamitin sa pananaliksik.
- a. I
  - b. II
  - c. I at II
  - d. III at IV

3. Aling pahayag ang tugma sa iyong pagsusuri sa bahaging ito ng pananaliksik?

### Disenyo at Pamamaraan sa Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay isang aksiyon riserts. Matapos malikom ang mga salitang umuusbong sa *social media* ay bibigyang pakahulugan. Ang mabubuon kalipunan ay magsisilbing awtput ng pag-aaral.

- I. Tugma ang aksiyon riserts sa disenyo nito.
- II. Hindi tugma ang aksiyon riserts bilang disenyo ng pananaliksik.
- III. Ang mabubuon kalipunan ng mga salita ay bahagi ng aksiyon riserts.

IV. Walang itinakda at inaasahang awtput sa pananaliksik na aksyon riserts.

a. I at III

c. I, III at III

b. II at IV

d. I, III, at IV

4. Alin ang wastong pahayag tungkol sa bahaging Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral?

#### **Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang makamit ang mga sumusunod na layunin:

1. upang matukoy ang mga salitang ginagamit sa *social media*;
2. upang mabatid ang kahulugan ng mga salitang ginagamit sa *social media*; at
3. upang makabuo ng kalipunan ng mga salitang ginagamit sa *social media*.

Ang kahalagahan ng pag-aaral na ito ay makabuo ng isang “Kalipunan ng mga Salitang Ginagamit sa *Social Media*”, upang magamit ng guro para makaagapay sa pagbabago sa paggamit ng wika.

I. Ang Layunin ay tugma sa Kahalagahan ng Pag-aaral

II. Ang Layunin ay hindi tugma sa Kahalagahan ng Pag-aaral

III. Mahirap matamo ang inilahad na Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral

IV. Masusukat ang inilahad na Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral

a. I at IV

c. I at III

b. II at III

d. II at IV

5. Alin ang maling pagsusuri mula sa Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral?

I. Ang Layunin ay tugma sa Kahalagahan ng Pag-aaral

II. Ang Layunin ay hindi tugma sa Kahalagahan ng Pag-aaral

III. Mahirap matamo ang inilahad na Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral

IV. Masusukat ang inilahad na Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral

a. I at IV

c. I at III

b. II at III

d. II at IV

6. Alin sa mga sumusunod na pananaliksik ang **hindi pumapaksa** sa wika at kulturang Pilipino?

a. Sipnayan: Ligaya o Parusa

b. Karakol: Susulong o Uurong


c. Pananampalataya: Tugon sa Malinaw na Kinabukasan

d. Tiktok: Tulay sa Pagkakabuklod-buklod ng Pamilyang Pilipino

7. Alin sa sumusunod na pananaliksik ang tumatalakay sa wika at kulturang Pilipino?
  - a. Saloobin ng mg Mag-aaral Hinggil sa New Normal
  - b. COVID-19: Sanhi ng Kamatayan sa Buong Sanlibutan
  - c. Teleseryeng “Ang Probinsyano” Salamin ng Kulturang Pilipino: Noon at Ngayon
  - d. Pinakanangungunang Pamantasan sa Mundo: Pinagmumulan ng Matatagumpay na Tao
  
8. Alin sa mga sumusunod ang **hindi dapat** isinasagawa sa pagsusuri ng isang pananaliksik?
  - a. Gumagamit ng paghahatol at pagbibigay ng opinyon
  - b. Kailangan ang wasto at maayos na gamit ng kritikal na mga salita
  - c. Ipinapahayag ang matinding damdamin ng pagsang-ayon at di-pagsang-ayon
  - d. Kung may negatibong ibig ipahayag, gawin ito nang walang pag aalinlangan sapagkat makabubuti ito sa isinasagawang pagsusuri.
  
9. Batay sa iyong pagsusuri sa nilalaman ng pananaliksik, alin sa sumusunod na pahayag ang nagpapaliwanag tungkol sa metodo o pamamaraan ng pananaliksik?
  - a. Ang pananaliksik na ito ay kuwantitabo sapagkat sinukat ang saloobin ng mga kalahok ukol sa paksa sa pamamagitan ng sarbey at sinuri ang datos sa pamamagitan ng estatistikal na pamamaraang *weighted mean*.
  - b. Kitang-kita naman sa kalagayan ng paggamit ng Filipino, walang Pilipino na diretsong nagsasalita ng Filipino, ito’y may halong Ingles na tinatawag nating “Taglish”.
  - c. Pinatunayan din ng datos sa pananaliksik na ito na “lubos na nakatutulong” ang Pinoy NT sa pagpapaunlad ng kulturang Pilipino sa larangan ng pananampalataya.
  - d. Iminumungkahi ng mga mananaliksik na gamitin ang Pinoy NT na may Taglish na pagsasalin upang malinang at tumibay pa ang pananampalataya ng mga kabataang Pilipino.
  
10. Sa pagsusuri ng paksa, ano ang katangian na dapat taglayin nito?
  - a. Lagom ng kabuuang nilalaman ng saliksik.
  - b. Ang paksa ng saliksik ay tiyak at hindi malawak.
  - c. Ang pangunahing paksa o lalamanin nito ay makikita sa pamagat ng saliksik.
  - d. Ang A, B at C ay katangian ng isang paksa.


11. Alin sa sumusunod na pahayag ang hindi nabibilang sa Paglalahad ng Suliranin?
- Epektibo ba ang pagsasalin sa Taglish ng mga pahayag sa Pinoy NT?
  - Nakawiwili at nakapupukaw ba ng pansin ang Pinoy NT sa mga kabataang mambabasa nito?
  - Nakatutulong ba ang Pinoy NT sa pagpapaunlad ng kulturang Pilipino lalo na sa pananampalataya nito?
  - Swak (tanggap) o ligwak (di-tanggap) para sa mga mag-aaral sa baitang 11 ng Don Luis Ababa Senior High School ang pagsasalin sa wikang Taglish ng Pinoy *New Testament*?
12. Iminumungkahing magkaroon ng katulad na pag-aaral subalit gawing tuon ang mga alagad ng simbahan tulad ng pari, pastor, o ministro upang malaman ang pananaw nila ukol dito. Batay sa rekomendasyon na ito, alin sa sumusunod na pananaliksik ang **hindi kaugnay** sa wika at kulturang Pilipino?
- OPM Kanta ng Kaluluwa
  - Wikang Filipino, Wika ng Kaluluwa
  - Alagad ng Simbahan, Alagad ng Kaluluwa
  - Kantang-panalangin: Ipinaghihili ang Kaluluwa
13. Mula sa pamagat ng pananaliksik na Swak Ba o Ligwak ang Paggamit ng Wikang Taglish sa Pinoy *New Testament*, masasalamatin ba ang kulturang Pilipino?
- Oo, sapagkat ang paggamit ng wikang Taglish ay hindi bahagi ng ating kultura.
  - Hindi, sapagkat ang Pinoy New Testament na gumagamit ng Taglish ay hindi tanggap.
  - Oo, sapagkat ang paggamit ng Pinoy New Testament ay nagpapakita ng pananampalataya.
  - Hindi, sapagkat ang wikang Taglish at Pinoy New Testament ay walang kaugnayan sa isa't isa.
14. Kapag ang pinag-uusapan ay pananaliksik tungkol sa wika at kulturang Pilipino, ang lahat ay maaring maging paksa maliban sa\_\_\_\_\_.
- Kaugalian, tradisyon, kasuotan at pagkain
  - Pakikipagsapalaran, kamangha-manghang bagay
  - Pag-ibig, teleserye, pelikula at OPM na kanta
  - Mga salitang ginagamit sa *social media*, salitang beki, salitang kalye, at iba pa

15. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang tumutukoy sa paraan ng mangangalap at pagsusuri ng datos?
- Lumabas sa pag-aaral na ang Pinoy New *Testament* na gumagamit ng Taglish ay “lubos na epektibo” dahil sa 3.39 *weighted mean* na nangangahulugang tanggap o swak sa mga kalahok ang pagsasalin nito.
  - Ang Pinoy NT ay “lubos na nakawiwili at nakapupukaw” ng pansin sa mga kabataang mambabasa dahil sa 3.52 *weighted mean* na naitala.
  - Iminumungkahi ng mga mananaliksik na gamitin ang Pinoy NT na may Taglish na pagsasalin upang malinang at tumibay pa ang pananampalataya ng mga kabataang Pilipino.
  - Ang pananaliksik na ito ay isang uri ng kuwantitabo sapagkat sinukat ang saloobin ng mga kalahok ukol sa paksa sa pamamagitan ng sarbey at sinuri ang datos sa pamamagitan ng estatistikal na pamamaraang *weighted mean*



## **Karagdagang Gawain**

Binabati kita dahil natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul na ito. Dahil dito, gusto kong maging handa ka sa susunod na pagsubok na iyong kahaharapin. Ngayon pa lamang ay paghandaan mo ang iba't-ibang bahagi ng pananaliksik sa bawat kabanata nito.



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. D
2. D
3. C
4. D
5. B
6. B
7. A
8. B
9. D
10. B
11. D
12. C
13. B
14. A
15. A

**Isaisip**

1. komprehensibo
2. kritikal
3. opinyon
4. damdamin
5. makasakit

**Tayahin**

1. C
2. C
3. A
4. A
5. B
6. A
7. C
8. D
9. A
10. D
11. D
12. C
13. C
14. B
15. D

## ***Sanggunian***

Banggad, C.J., Garferio, S. (2019). Swak ba o Ligwak ang Paggamit ng Taglishsa  
Pinoy New Testament



**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)